



# Tiyempo ng mga ngipin ng sanggol at mga may sapat na gulang

Ang fact sheet na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang patnubay tungkol sa tinatayang edad na maaaring lumabas ang mga ngipin ng sanggol (deciduous) at mga ngiping adulto (permanente) sa bibig.

Tandaan na ang bawat bata ay isang indibidwal at maaaring mas mabilis o mas mabagal sa kanilang paglago ng ngipin kaysa sa ipinapakita sa tsart na ito. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa mabagal na paglago ng ngipin, mga panahon ng pagsibol o paglabas ng mga ngipin nang hindi magkakasunod, kumunsulta sa isang dentista. Ang mga bata ay karaniwang mayroon nang lahat ng kanilang mga ngipin sa edad na 3 taong gulang.

Ang mga unang adulto na molar ay sisibol (erupt) sa edad na anim hanggang pitong taong gulang. Ang mga ngiping ito ay sisibol sa likod ng bawat pangalawang molar ng sanggol (sa likod mismo ng bibig, sa itaas at ibaba, sa bawat panig).


Ang mga pang-adultong ngipin ay kadalasang lumilitaw na mas maitim ang kulay kumpara sa mga ngipin ng sanggol.

### Para sa karagdagang impormasyon

- Makipag-ugnayan sa iyong dentista
- Bisitahin ang [www.health.qld.gov.au/oralhealth](http://www.health.qld.gov.au/oralhealth)
- Tumawag sa 13 HEALTH (13 43 25 84) para sa kumpidensyal na payo sa kalusugan 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo
- Mag-email sa [oral\\_health@health.qld.gov.au](mailto:oral_health@health.qld.gov.au)

© The State of Queensland, Queensland Health, 2024.

### Pagputok ng mga ngipin ng sanggol



### Pagputok ng mga ngipin na adulto

